

Bono ng Tubig. Pagpopondo para sa mga Proyekto ng Kalidad, Suplay, Paggamot, at Pag-iimbak ng Tubig.

Opisyal na Titulo at Buod

Inihianda ng Pangkalahatang Abugado

Bono ng Tubig. Pagpopondo para sa mga Proyekto ng Kalidad, Suplay, Paggamot, at Pag-iimbak ng Tubig.

- Nag-aawtorisa ng \$7.12 bilyon sa pangkalahatang obligasyon na mga bono para sa mga proyekto ng impraestruktura ng suplay ng tubig sa estado, tulad ng pag-iimbak ng tubig sa ibabaw at ilalim ng lupa; pagprotekta at pagpapanumbalik sa ekosistema at watershed; ng tubig; pagprotekta sa iniinom na tubig; pamamahala sa suplay ng tubig; pag-recycle ng tubig at advanced na teknolohiya ng paggamot sa tubig; at pagkontrol sa baha.
- Muling nagpapamahagi ng \$425 milyon na hindi nagamit na awtoridad ng bono mula sa naunang mga batas ng bono sa tubig, para sa parehong mga layunin.
- Naglalaan ng pera mula sa Pangkalahatang Pondo upang mabayaran ang mga bono.
- Nag-aatas ng ilang mga proyekto upang magkaloob ng mga panumbas na pondo mula sa mga pinagkukunang hindi galing sa estado upang makatanggap ng mga pondo ng bono.

Buod ng Tantiya ng Lehislatibong Manunuri ng Netong Epekto sa Piskal na Pang-estado at Lokal na Guberno:

- Tumaas na mga halaga sa muling pagbabayad sa bono ng estado na karaniwang \$360 milyon taunan sa loob ng susunod na 40 taon.
- Ang mga natipid na mga lokal na gobyerno kaugnay sa mga proyekto ng tubig, malamang ay mag-aaverage ng dalawang daang milyong dolyar taunan sa loob ng susunod na ilang mga dekada.

Mga Tantiya ng Halaga ng Bono ng Estado

Ipinahintulot na bagong paghiram	\$7.1 bilyon
Pangkaraniwang taunang halaga upang bayaran ang mga bono	\$360 milyon
Malamang na panahon ng pagbabayad	40 taon
Pinagkukunan ng pagbabayad	Mga kita ng pangkalahatang buwis

Mga Pangwakas na Boto ng Lehislatura sa AB 1471 (Proposisyon 1)

(Kabanata 188, Mga Batas ng 2014)

Senado:	Mga Oo 37	Mga Hindi 0
Asembleya:	Mga Oo 77	Mga Hindi 2

Pagsusuri ng Pambatasang Manunuri Batayan

Mga Pinagkukunan ng Tubig sa California. Ang isang mayoriya ng tubig ng estado ay nanggagaling mula sa mga ilog, karamihan ng mga ito ay mula sa Hilagang California at mula sa niyebe sa Mga Bundok ng Sierra Nevada. Ang tubig na nakukuha sa ilalim ng lupa (tinatawag ng "tubig sa lupa") ay bumubuo ng halos ikatlo ng paggamit ng tubig ng estado at mas malakas na inaasahan sa mga tuyong taon. Ang isang maliit na bahagi ng tubig ng estado na nanggagaling sa ibang mga pinagkukunan, tulad ng pagkuha ng tubig ng ulan, muling paggamit ng basurang tubig (muling paggamit ng tubig), at pagtanggap ng asin mula sa tubig sa dagat (desalinasyon).

Pagtugon sa mga Pangangailangan ng Tubig sa Estado. Ang pagkaloob ng malinis na tubig sa buong California habang nagpoprotekta sa kapaligiran ay nagpapakita ng maraming mahahalagang hamon. Una, ang tubig ay hindi laging makukuha kung saan kailangan ito. Halimbawa, ang tubig mula sa Hilagang California ay inihahatid sa ibang mga bahagi ng estado, tulad ng lupang sakahan sa Central Valley at mga sentro ng populasyon sa San Francisco Bay Area at Timog California. Ikalawa, ang dami ng tubig na nakukuha ay maaring magbago nang malaki sa bawat taon. Kaya, kapag mas kaunting tubig ang nakukuha sa mga tuyong taon, maaaring maging

mahirap na magkaloob ng lahat ng tubig na gusto ng mga tao sa buong estado. Kabilang dito ang pagkaloob ng sapat na tubig upang panatilihin ang mga likas na tirahan—tulad ng mga basang lupa—para sa mga nanganganib na uri gaya ng iniaatas sa ilalim ng pang-estado at pederal na batas. Gayunman, sa mga napakatuyong taon ang estado ay maaaring makaranas paminsan-minsan ng mga baha, partikular sa Central Valley. Ikatlo, ang tubig paminsan-minsan ay narurumihan, ginagawa itong hindi angkop para sa pag-inom, pagpapatubig sa mga tanim, tirahan ng isda. Ikaapat, ang mga bahagi ng sistema ng tubig ng estado ay nakaapekto sa mga likas na tirahan. Halimbawa, ang pagkaloob ng karagdagang tubig para sa pag-inom at patubig ay nagbawas ng tubig na magagamit para sa isda.

Upang tugunan ang mga hamon ng ito, ang California ay nagtayo ng iba't ibang mga proyekto. May ilang mga proyekto na gumagamit ng mga likas na ilog—gayon din ng mga linya ng tubo, mga istasyon ng pagbomba, at mga kanal—upang maghatid ng tubig na ginagamit para sa pag-inom o pagsasaka sa buong estado. Ang mga proyektong ito ay kabilang ang mga prinsa at ibang mga uri ng imbakan ng tubig upang pamalagiin ang tubig haggang kailanganin ito. Ang ibang mga proyekto upang tugunan ang mga hamon sa tubig ng estado ay kabilang ang mga planta ng paggamot sa tubig upang tanggalin ang

Pagsusuri ng Pambatasang Manunuri

mga nagpaparumi mula sa iniinom na tubig at basurang tubig, mga sistema upang linisin ang daloy mula sa mga bagyo, at mga saplad upang pigilan ang mga baha.

Ang Kapaligiran at Sistema ng Tubig ay Magkaugnay. Ang sistema ng tubig ng estado at ang kapaligiran ay magkaugnay sa ilang mga paraan. Gaya na nabanggit sa itaas, ang paggamit ng tubig para sa patubig at iniinom na tubig ay nakakaapekto sa mga likas na tirahan na ginagamit ng isda at maiilap na mga hayop-gubat. Ang mga epektong ito sa mga likas na tirahan ay ginagawang mas malubha ang pagpaparumi, na nakakapinsala sa kalidad ng tubig para sa isda, maiilap na mga hayop-gubat, at mga tao. Ang estado ay gumawa ng iba't ibang mga aksiyon upang pabutihin ang mga likas na tirahan at kalidad ng tubig. Kabilang dito ang nagbabalik ng mga himpilan ng tubig (isang lugar ng lupa na umaagos sa isang katawan ng tubig) sa pamamagitan ng muling pagpapasok ng mga katutubong halaman at hayop. Ang estado ay nagkaloob din ng tubig sa mga ilog kapag kailangan ng mga uri ng isda.

Ang mga Tungkulin ng Iba't Ibang Pamahalaan sa Sistema ng Tubig. Ang pang-estado, pederal, at lokal na pamahalaan ay gumaganap ng mahahalagang papel sa pagkaloob ng mga malinis at maaasahang panustos na tubig. Karamihan ng paggasta sa mga programa sa tubig sa estado ay ginagawa sa lokal na antas, tulad ng mga distrito ng tubig, lunsod, at county. Sa mga huling taon, ang mga lokal na pamahalaan ay gumugol ng hanggang \$26 na bilyon kada taon upang tumustos ng tubig at upang gumamot ng basurang tubig. Mga 80 porsiyento ng paggastang ito ay binabayaran para sa mga taon bilang mga nagbabayad ng presyo ng tubig at mga singil sa alkantarilya. Bilang karagdagan, ang mga lokal na pamahalaan ay nagbabayad para sa mga proyektong gumagamit ng ibang mga pinagkukunan, kabilang ang mga pang-estadong pondo, mga pederal na pondo, at mga lokal na buwis. Habang karamihan ng mga tao ay kumukuha ng kanilang tubig mula sa mga pampublikong ahensiya ng tubig na ito, mga isang-ikaanim ng mga Taga-California ay kumukuha ng kanilang tubig mula sa mga pribadong kompanya ng tubig.

Ang estado ay nagpapatakbo ng mga programa upang (1) magkonserba, mag-iimbak, at maghatid ng tubig sa estado; (2) magprotekta sa kalidad ng tubig; (3) magkaloob ng pagkontrol sa baha; at (4) magprotekta sa tirahan ng isda at maiilap na mga hayop-gubat. Ang estado ay nagkaloob ng suporta para sa mga programang ito sa pamamagitan ng tuwirang paggasta, gayon din ng mga gawad at pantang sa mga lokal na pamahalaan, di-nagtutubong organisasyon, at pribadong-pag-aaring mga kompanya ng tubig. (Ang pederal na pamahalaan ay nagpapatakbo ng mga katulad na programa.) Ang pagpopondo para sa mga programang ito ng estado ay karaniwang nangagaling mula sa mga bono at bayad. Mula noong 2000, inaprobahan ng mga botante ang humigit-kumulang na \$20 bilyon sa mga bono para sa iba't ibang mga layunin na may kaugnayan sa mga pinagkukunan, kabilang ang tubig. Sa kasalukuyan, mga \$900 milyon (5 porsiyento) ng mga bonong ito ay namamalaging makukuha para sa mga bagong proyekto.

Mungkahi

Ang panukalang ito ay nagtatadhana ng isang kabuuan na \$7.5 bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono para sa iba't ibang mga programang may kaugnayan sa tubig. Una, ang panukala ay nagpapahintulot sa estado na magbenta ng \$7.1 bilyon na mga

karagdagang bono. Ikalawa, ang panukala ay naglilipat ng \$425 milyon sa hindi naibentang mga bono na dating inaprobahan ng mga botante para sa tubig at ibang mga paggamit na pangkapaligiran. Ang estado ay muling nagbabayad sa mga bonong ito, may interes, gamit ang Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang pangunahing kuwenta ng pagpapatakbo ng estado, na nagbabayad para sa edukasyon, bilangguan, pangangalagang pangkalusugan, at ibang mga serbisyo.)

Mga Paggamit ng mga Pondo

Gaya ng ipinakikita sa Figura 1 (tingnan ang susunod na pahina) at inilarawan sa ibaba, ang panukalang bono ay nagtatadhana sa pagpopondo upang (1) dagdagan ang mga panustos na tubig, (2) protektahan at ibalik ang mga himpilan ng tubig, (3) pabutihin ang kalidad ng tubig, at (4) itaas ang proteksiyon laban sa baha. Ang pera sa bono ay makukuha ng mga ahensiya ng estado para sa iba't ibang mga proyekto at programa, gayon din ang para sa mga pantang at gawad sa mga lokal na pamahalaan, pribadong mga kompanya ng tubig, mutwal na mga kompanya ng tubig (kung saan ang mga gumagamit ng tubig ay may-ari ng kompanya), mga tribong Indiyano, at di-nagtutubong mga organisasyon.

Mga Pondo para sa mga Panustos na Tubig (\$4.2 Bilyon). Mga \$4.2 bilyon ang magpopondo sa mga proyektong nilalayong pabutihin ang mga panustos na tubig, upang gumawa ng karagdagang tubig para sa paggamit. Sa partikular, ang bono ay kabilang ang:

- **\$2.7 Bilyon para sa mga Bagong Imbakan ng Tubig.** Ang bono ay kabilang ang \$2.7 bilyon upang magbayad ng hanggang kalahati ng gastos sa mga proyektong bagong imbakan ng tubig, kabilang ang mga prinsang proyektong muling naglalaman ng tubig sa lupa. Ang pagpopondong ito ay maaari lamang gamitin upang masaklaw ang mga gastos na may kaugnayan sa "pampublikong benepisyo" na may kaugnayan sa mga proyektong imbakan ng tubig, kabilang ang pagpapanumbalik ng mga tirahan, pagpapabuti ng kalidad ng tubig, binabawasan ang pinsala mula sa mga baha, tumutugon sa mga emerhensiya, at nagpapabuti ng libangan. Ang mga lokal na pamahalaan at ibang mga entidad na umaasa sa proyektong imbakan ng tubig ay magiging responsable para sa pagbabayad ng natitirang mga gastos sa proyekto. Ang mga gastos na ito ay pangkaraniwang iuugnay sa mga pribadong benepisyo (tulad ng tubig na ipinagkakaloob sa kanilang mga parokiyano).
- **\$810 Milyon para sa Panrehiyong mga Proyekto sa Tubig.** Ang bono ay nagkakaloob din ng \$810 milyon para sa mga panrehiyong proyekto na kasama sa mga ispesipikong plano na binuo ng mga lokal na komunidad. Ang mga proyektong ito ay naglalayong pabutihin ang mga panustos na tubig, at magkaloob din ng ibang mga benepisyo, tulad ng tirahan ng isda at proteksiyon laban sa baha. Ang halagang ipinagkakaloob ay kabilang ang \$510 milyon para sa mga ispesipikong rehiyon sa buong estado at \$300 milyon para sa mga ispesipikong uri ng mga panustos na tubig, kabilang ang mga proyekto at plano upang pamahalaan ang daloy mula sa mga bagyo sa mga lugar ng kalunsuran at mga proyekto at programang konserbasyon ng tubig.

Pagsusuri ng Pambatasang Manunuri

Ipinagpapatuloy

- **\$725 Milyon para sa Muling Paggamit ng Tubig.** Ang bono ay kabilang ang \$725 milyon para sa mga proyektong gumagamot sa basurang tubig o tubig-alat upang ito ay magamit sa bandang huli. Halimbawa, ang mga pondo ay magagamit upang subukan ang bagong teknolohiya ng paggamot, magtayo ng isang planta ng desalinasyon, at magtayo ng mga tubo upang maghatid ng mga tubig para sa muling paggamit.

Mga Pondo Upang Protektahan at Ibalik ang mga Himpilan ng Tubig (\$1.5 Bilyon). Ang mga perang ito ay magpopondo sa mga proyektong naglalayong protektahan at ibalik ang mga himpilan ng tubig at ibang tirahan sa buong estado. Ang pagpopondong ito ay magagamit upang ibalik ang mga katawan ng tubig na sumusuporta sa katutubo, pinagbabantaan, o nanganganib na uri ng isda at mailap na mga hayop-gubat; bumili ng lupa para sa mga layunin ng konserbasyon; bawasan ang panganib ng malalaking sunog sa mga himpilan ng tubig; at bumili ng tubig upang suportahan ang malalaking sunog. Sa mga pondong ito ay kabilang ang \$515 milyon upang ibalik ang mga himpilan ng tubig sa mga itinalagang rehiyon sa estado (kabilang ang \$140 milyon na ispesipikong para sa mga proyekto sa Sacramento-San Joaquin Delta [Delta]) at \$475 milyon upang bayaran ang mga partikular na pagtatalaga ng estado na pondohan ang mga pagpapanumbalik na pangkapaligiran. Ang

natitirang pagpopondo ay makukuha ng mga aplikante sa buong estado para sa mga programang nagbabalik ng tirahan at mga himpilan ng tubig (\$305 milyon) at dagdagan ang dami ng tubig na dumadaloy sa mga ilog at batis, halimbawa sa pamamagitan ng pagbili ng tubig (\$200 milyon).

Mga Pondo Upang Pahasayin ang Kalidad ng Tubig sa Lupa at Ibabaw (\$1.4 Bilyon). Kabilang sa bono ang higit sa \$1.4 bilyon upang pabutihin ang kalidad ng tubig sa lupa at tubig sa ibabaw. Higit sa kalahati ng pagpopondong ito (\$800 milyon) ay gagamitin para sa mga proyekto upang linisin at pigilan ang maruming tubig sa lupa na ginagawa, o ginawa, na pinagkukunan ng iniinom na tubig. Ang mga natitirang pondo ay makukuha upang (1) pabutihin ang kakayahang magamit ang malinis na tubig (\$260 milyon), (2) tumulong sa maliliit na komunidad na magbayad para sa paggamot ng basurang tubig (\$260 milyon), at (3) magkaloob ng mga gawad sa mga lokal na pamahalaan upang bumuo at magpatupad ng mga plano upang pamahalaan ang kanilang panustos at kalidad ng tubig sa lupa (\$100 milyon).

Mga Pondo para sa Proteksiyon Laban sa Baha (\$395 Milyon). Ang bono ay nagkakaloob ng \$395 milyon para sa mga proyekto na parehong nagpoprotekta sa estado laban sa mga baha at nagpapabuti ng tirahan ng isda at mailap na hayop-gubat. Habang ang \$100 milyon ng pagpopondong ito ay magagasta sa mga proyektong

Pigura 1

Mga Paggamit ng mga Pondo ng Bono ng Proposisyon 1

(Sa mga Milyon)

Panustos na Tubig	\$4,235
• Ang mga prinsa at imbak ng tubig sa lupa—kabahagi sa gastos na kaugnay ng mga pampublikong benepisyo.	\$2,700
• Mga panrehiyong proyekto upang magkamit ng maraming pagpapabuti na may kaugnayan sa tubig (kabilang ang konserbasyon at pagkuha ng tubig ng ulan).	810
• Muling paggamit ng tubig, kabilang ang desalinasyon.	725
Proteksiyon at Pagpapanumbalik ng Himpilan ng Tubig	\$1,495
• Pagpapanumbalik ng himpilan ng tubig at proteksiyon ng tirahan sa mga itinalagang lugar sa estado.	\$515
• Mga patrikular na pagtatalaga ng estado para sa mga pagpapanumbalik na pangkapaligiran.	475
• Mga programang pagpapanumbalik na magagamit ng mga aplikante sa buong estado.	305
• Mga proyekto upang dagdagan ang tubig na dumadaloy sa mga ilog at batis.	200
Mga Pagpapabuti sa Kalidad ng Tubig sa Lupa at Ibabaw	\$1,420
• Pagpigil at paglilinis sa pagpaparumi sa tubig sa lupa.	\$800
• Mga proyektong iniinom na tubig para sa mahihirap na komunidad.	260
• Paggamot ng basurang tubig sa maliliit na komunidad.	260
• Mga lokal na plano at proyekto upang pamahalaan ang tubig sa lupa.	100
Proteksiyon Laban sa Baha	\$395
• Mga pagkukumpuni at pagpapabuti sa mga saplad sa Delta.	\$295
• Proteksiyon laban sa baha sa estado.	100
Kabuuan	\$7,545

Pagsusuri ng Pambatasang Manunuri

pagkontrol sa baha kahit saan sa estado, ang \$295 milyon ay itinatagapang upang pabutihin ang mga saplad o tumugon sa mga emerhensiya sa baha sa Delta.

Mga Iniaatas para sa Paglalaan at Paggasta ng mga Pondo

Paano Pipiliin ang mga Proyekto. Ang panukala ay kabilang ang ilang mga tadhana na makakaapekto kung paano pinipili ang ispesipikong mga pondo ng bono. Ang Komisyon sa Tubig ng California—ang isang kasalukuyang pagpapalano ng estado at ahensiya ng pangangasiwa—ay pipili kung anong mga proyektong imbakang ng tubig ang popondohan ng \$2.7 bilyon na itinatadhana sa bono para sa paggamit na iyon. Ang Komisyon ay hindi kailangang dumaan sa proseso ng badyet ng estado upang gastahin ang mga bonong ito. Para sa lahat ng ibang pagpopondo na itinatadhana sa panukala, ang Lehislatura ay pangkaraniwang maglalaan ng pera taun-taon sa mga ahensiya ng estado sa proseso ng badyet ng estado. Habang ang Lehislatura ay maaaring magkaloob sa mga ahensiya ng estado na ilang mga direksiyon sa kung anu-anong mga uri ng mga proyekto o programa ang maaring piliin, ang panukala ay nagsasaad na ang Lehislatura ay hindi maaaring maglaan ng pagpopondo sa mga ispesipikong proyekto. Sa halip, ang mga ahensiya ng estado ay pipili ng mga proyekto. Bilang karagdagan, wala sa pagpopondo sa panukala na magagamit upang magtayo ng kanal o tunel upang ilipat ang tubig sa Delta.

Mga Iniaatas para sa mga Pongong Panumbas. Sa \$7.5 bilyon sa mga pondo na inihahanda ng panukala, \$5.7 bilyon ang makukuha lamang kung ang tumatanggap—karamihan ay mga lokal na pamahalaan—ay magkaloob ng pagpopondo upang suportahan ang mga proyekto. Ang iniaatas na panumbas na ito ay umaaplay lamang sa panustos na tubig at mga proyekto sa kalidad ng tubig na pinopondohan ng panukala. Ang iniaatas na kabahagi ng pongong panumbas ay pangkaraniwang hindi kukulangan sa 50 porsiyento ng kabuuang gastos sa proyekto, bagaman ito ay maaaring talikdan o bawasan sa ilang mga kaso.

Mga Epekto sa Pananalapi

Mga Epekto sa Pananalapi ng Pamahalaan ng Estado. Ang panukalang ito ay magpapahintulot sa estado na humiram ng hanggang \$7.1 bilyon sa pamamagitan ng pagbebenta ng karagdagang mga pangkalahatang obligasyong bono sa mga mamumuhunan, na muling babayaran ng interes na ginagamit ang mga kita sa pangkalahatang buwis ng estado. Ipinapalagay namin na (1) ang antas ng interes para sa mga bono ay pagkaraniwang higit sa 5 porsiyento, (2) ang mga ito ay ibebenta sa susunod na sampung taon, at (3) muling babayaran sa 30-taong panahon. Batay sa mga pagpapalagay na ito, ang gastos ng mga nagbabayad ng buwis upang muling bayaran ang mga bono ay pangkaraniwang mga \$360 milyon taun-taon sa susunod na 40 taon. Ang halagang ito ay mga isang-ikatlo ng isang porsiyento ng kasalukuyang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado. Ipinapalagay namin na ang paglilipat ng \$425 milyon sa hindi naibentang mga bono mula sa dating inaprobahang mga panukala ay hindi magtataas sa inaasahang mga pagbabayad sa utang ng estado. Ito ay dahil, kung wala ang panukalang ito, ang mga bono ay malamang na ibebenta sa hinaharap upang suportahan ang ibang mga proyekto. (Para sa karagdagang impormasyon sa paggamit ng estado ng mga bono at ang

epekto nitong iminumungkahing panukalang bono sa badyet ng estado, tingnan ang "Pangkalahatang-tanaw sa Utang sa Bono ng Estado" sa bandang huli ng patnubay na ito.)

Mga Epekto sa Pananalapi ng mga Lokal na Pamahalaan. Ang kahandaan ng mga pondo sa bono ng estado para sa mga lokal na proyekto sa tubig ay makakaapekto kung magkano ang ginagasta ng mga lokal na pamahalaan, pangunahin ay mga ahensiya ng tubig, sa mga proyekto sa tubig. Sa maraming kaso, ang kahandaan ng mga bono ng estado ay maaaring magbawas sa lokal na paggasta. Halimbawa, ito ay mangyayari sa mga kaso kung saan ang mga pondo ng bono ng estado ay nagpapalit sa mga pera na gagastahin naman talaga ng mga lokal na pamahalaan sa mga proyekto. Ang mga lokal na natitipid ay mangyayari rin sa mga kaso kung saan ang kahandaan ng mga pondo ng bono ng estado ay nagpapahintulot sa mga lokal na pamahalaan na magtayo ng mga proyektong nagtataas ng pagiging episyente o paggamit ng isang bagong pinagkukunan ng tubig na nagpapahintulot sa kanila na bumili ng mas kaunting tubig.

Gayunman, sa ilang mga kaso, ang mga pondo ng bono ng estado ay maaaring magtaas ng paggasta sa mga proyekto sa tubig ng mga lokal na pamahalaan. Halimbawa, ang kahandaan ng mga pondo ng bono ay maaaring humimok sa ilang mga lokal na pamahalaan na magtayo ng karagdagan o mas malaking mga proyekto kaysa gagawin nila sa ibang paraan. Ang mga proyektong ito ay maaari ring maging mas magastos na patakbuhan.

Sa balanse, tinatantiya namin na ang panukalang ito ay magresulta sa mga natitipid sa mga lokal na pamahalaan sa mga proyektong may kaugnayan sa tubig. Ang mga natitipid na ito ay malamang na sa pangkaraniwan ay dalawang daang milyong dolyar taun-taon sa susunod na ilang dekada.

Ang isang indibidwal na lokal na pamahalaan ay maaaring gumamit ng mga natitipid na ito sa iba't ibang mga paraan. Halimbawa, ito ay maaaring gumamit ng mga natitipid upang magtayo ng mga bagong pasilidad para sa pagpapanatili at pagkukumpuni ng mga kasalukuyang pasilidad. Sa ibang mga kaso, ang isang pamahalaan ay maaaring gumamit ng mga natitipid upang panatilihin mas mababa ang mga presyo ng tubig kaysa magiging kalagayan sa ibang paraan sa pamamagitan ng pag-antala o pagbawas ng mga pagtaas ng presyo sa hinaharap. Dahil ang halaga ng mga pambuong-estadong natitipid sa isang taon ay malamang na maliit kumpara sa kabuuang halagang ginagasta ng mga lokal na pamahalaan sa tubig, anumang epekto sa mga presyo ay malamang na maliit para sa karamihan ng mga nagbabayad ng presyo.

Bisitahin ang <http://cal-access.sos.ca.gov> para sa mga detalye tungkol sa perang iniambag sa labanang ito.